**LAYUNIN:**

Kinikilala ng Children's Hospital Los Angeles ("**CHLA**") na maraming tao sa ating komunidad ang nangangailangan ng mahahalagang medikal na serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan, pero sila ay walang insurance, kulang ang insurance, hindi kwalipikado para sa mga programa ng pamahalaan sa kalusugan, o walang sapat na pinansyal na mapagkukunan upang magbayad para sa mga serbisyong pangkalusugan. Ang CHLA ay dedikado, sa abot ng kanyang kakayahan sa pananalapi, na gawing available ang mga kinakailangang medikal na serbisyo para sa mga walang kakayahan na magbayad. Upang mapangasiwaan nang maayos ang mga resource nito at bigyang-daan ang CHLA na makapagbigay ng tamang antas ng tulong sa mga taong nangangailangan, sinusunod ng CHLA ang sumusunod na mga patnubay para sa pagkakaloob ng Kawanggawang Pangangalaga at Pangangalagang may Diskwento ("**Tulong Pinansyal**"). Kaya naman, ang layunin ng patakaran na ito ay upang mailarawan:

- Ang mga kwalipikasyon at proseso ng aplikasyon upang makakuha ng Tulong Pinansyal sa ilalim ng patakarang ito;
- Ang mga limitasyon sa mga halaga na ipapataw ng CHLA para sa emergency o iba pang kinakailangang medikal na pangangalaga na ibinibigay sa mga indibidwal na kwalipikado sa ilalim ng patakarang ito;
- Ang batayan sa pagkalkula ng mga halagang sinisingil sa mga pasyente na kwalipikado para sa Tulong Pinansyal sa ilalim ng patakarang ito; at
- Kung paano isasapubliko ang patakaran sa komunidad na pinaglilingkuran ng ospital.

Ang pangako ng CHLA sa patakarang ito ay hindi kapalit para sa personal na pananagutan. Sa halip, ang mga pasyente at kanilang mga Pamilya ay inaasahang makikipagtulungan sa mga proseso ng CHLA para sa pagkuha ng Tulong Pinansyal at/o pagbabayad sa third party, at para mag-ambag sa halaga ng kanilang pangangalaga batay sa kanilang kakayahan na magbayad. Ang mg indibidwal na may pinansyal na kakayahan na bumili ng insurance para sa kalusugan ay dapat hikayatin na gawin ito para matiyak ang access sa mga serbisyong pangkalusugan at para sa proteksyon ng kanilang mga indibidwal na ari-arian.

**SAKLAW:**

Ang patakarang ito ay nalalapat sa lahat ng pasyente/guarantor na may mga bayarin sa pasilidad ng CHLA.

**MGA DEPINISYON:**

**Kapag ang patakarang ito ay nai-print o ipinamahagi mula sa CHLA Policies and Procedures Library, ito ay hindi na itinuturing na isang kontroladong dokumento. Pakisuyong repasuhin ang elektronikong bersyon ng patakarang ito na nasa CHLA Policies and Procedures Library dahil maaaring hindi ito ang kasalukuyang bersyon.*

1. Ang **"Kawanggawang Pangangalaga" (Charity Care)** ay nangangahulugan ng pagkansela sa pananagutan ng pasyente na magbayad para sa kabuuang halaga ng mga bayarin para sa mga serbisyong ibinigay ng CHLA.

2. Ang "**Nalalapat na mga Parameter ng Federal Poverty Level**" ay nangangahulugang (i) nasa o mas mababa sa 400% para sa Kawanggawa, o (ii) nasa o mas mababa sa 600% para sa Diskwento.

3. Ang **"Pangangalagang may Diskwento" (Discounted Care)** ay nangangahulugan na ang pasyente ay bibigyan ng diskwento sa balanse ng pasyente na dapat bayaran sa CHLA para sa serbisyong ginawa ng CHLA.

4. Ang **"Emergency Physician"** ay isang doktor na may mga kredensyal na ibinigay ng isang ospital at kinontrata ng ospital upang magbigay ng mga emergency na medikal na serbisyo sa emergency department ng ospital.

5. Ang **"Federal Poverty Level"** ay tumutukoy sa mga patnubay may kaugnayan sa kahirapan na regular na ina-update sa Federal Register ng US Department of Health and Human Services. Makikita ang mga kasalukuyang patnubay sa https://aspe.hhs.gov/POVERTY/.

6. Ang **"Gross na Buwanang Kita ng Sambahayan"** ay tumutukoy sa kabuuang kita na natatanggap ng sambahayan bago ang mga bawas dahil sa buwis, kaltas, at para sa alimony at suporta sa mga anak. Kabilang sa gayong mga kita ang kompensasyon mula sa ibat-ibang pinagmumulan, gaya ng mga suweldo, sahod, at bonus na natatanggap mula sa pagtatrabaho o sariling hanapbuhay, mga dibidendo at distribusyon na natatanggap mula sa mga pamumuhunan, mga resibo ng renta mula sa pamumuhunan sa real estate, profit-sharing mula sa isang negosyo, atbp. Ang taunang kita ay maaaring matukoy sa pamamagitan ng pag-annualize ng kita ng Pamilya mula simula ng taon hanggang kasalukuyan.

7. Ang **"Sambahayan**" ay tumutukoy sa: (i) para sa pasyenteng 18 taong gulang at pataas, ang pasyente at asawa ng pasyente, Domestic Partner[1] at mga dependent na anak na wala pang 21 taong gulang, nakatira man sa bahay o hindi; at (ii) para sa pasyenteng wala pang 18 taong gulang, ang magulang ng pasyente, kamag-anak na tagapag-alaga at iba pang anak ng magulang o kamag-anak na tagapag-alaga na wala pang 21 taong gulang.

[1] Ang **"Domestic Partner"** ay binibigyang-kahulugan ng California Family Code Seksyon 297.

**Kapag ang patakarang ito ay nai-print o ipinamahagi mula sa CHLA Policies and Procedures Library, ito ay hindi na itinuturing na isang kontroladong dokumento. Pakisuyong repasuhin ang elektronikong bersyon ng patakarang ito na nasa CHLA Policies and Procedures Library dahil maaaring hindi ito ang kasalukuyang bersyon.*

**PROSESO:**

1. **Mga Serbisyong Kwalipikado sa ilalim ng Patakarang ito**

   A. Ang CHLA ay nagbibigay ng Tulong Pinansyal para sa mga sumusunod na kategorya ng mga serbisyong pangkalusugan na ibinibigay ng ospital:

      i. Emergency na medikal na mga serbisyo; at

      ii. Mga kinakailangang medikal na serbisyo, ayon sa doktor na nagsusuri.

   B. Sa kabila ng anupamang bagay, patakaran ng CHLA na magbigay, nang walang diskriminasyon, ng pangangalaga sa emergency na medikal na mga kondisyon, gayang nakasaad sa Emergency Medical Treatment and Active Labor Act (EMTALA), sa lahat ng indibidwal, kwalipikado man sila o hindi sa patakarang ito. Ang mga patakaran ng EMTALA at proseso nito ay nakasaad nang mas detalyado sa ibang patakaran o mga patakaran ng CHLA. Hindi gumagawa ang CHLA ng mga hakbang na pumipigil sa mga indibidwal mula sa paghiling ng emergency na medikal na pangangalaga, tulad ng paghingi ng bayad mula sa mga pasyente sa emergency department bago sila magamot para sa mga emergency na medikal na kondisyon o sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa mga aktibidad ng pagkolekta ng utang na nakakaapekto sa pagbibigay ng emergency na medikal na pangangalaga nang walang diskriminasyon.

   C. Ang mga provider, maliban sa CHLA mismo, na nagbibigay ng pangangalaga sa mga pasilidad ng CHLA ay hindi sumusunod sa patakarang ito. Ang mga doktor, surgeon, at iba pang provider na nagtatrabaho para sa Children's Hospital Los Angeles Medical Group ("CHLAMG") ng University of Southern California ("USC") at USC Care ay hindi mga empleyado ng CHLA; at bagaman ang kanilang mga serbisyo ay hindi kwalipikado para sa Tulong Pinansyal sa ilalim ng patakaran ng CHLA, maaaring mag-alok sila ng tulong pinansyal sa ilalim ng nalalapat na patakaran ng CHLAMG. Bukod dito, mayroon ding sariling patakaran ang CHLAMG kaugnay ng mga serbisyong pang-emergency ng mga doktor na may diskwento para sa mga pasyenteng walang insurance o may mataas na gastusin sa medikal. Para sa higit na impormasyon tungkol sa patakarang ito, mangyaring makipag-ugnayan sa customer service ng Pediatric Management Group sa (323) 361-2336. Ang mga provider na nagbibigay ng pangangalaga sa mga pasilidad ng CHLA maliban sa CHLAMG, USC, at USC Care ay nakalista sa Apendise A ng patakaran na ito. Ang apendise ay available sa https://www.chla.org/financial-assistance at ang mga pisikal na kopya nito ay makukuha sa Admitting area na matatagpuan malapit sa pangunahing pasukan ng

ospital, sa Emergency Room registration area, na matatagpuan sa 4650 Sunset Blvd, Los Angeles, CA 90027, o sa pamamagitan ng pagtawag sa Patient Business Services sa (800) 404-6627.

**2. Mga Pamantayan sa Kwalipikasyon ng Pasyente**

Maaaring maging kwalipikado ang mga pasyenteng hindi kayang magbayad ng kabuuan o bahagi ng halaga ng mga kinakailangang medikal na pangangalaga. Ang pagiging kwalipikado para sa Tulong Pinansyal (Kawanggawang Pangangalaga at Pangangalagang may Diskwento) ay matutukoy batay sa indibidwal na pagsusuri ng pinansyal na pangangailangan ng pasyente alinsunod sa patakarang ito. Hindi titingnan ng CHLA ang edad, kasarian, lahi, katayuan sa lipunan o imigrasyon, sekswal na oryentasyon, o relihiyon sa pagtukoy ng pagiging kwalipikado.

A. Kung hindi gagamitin ng pasyente ang kanilang pribadong insurance sa kalusugan mula sa third party at sa halip ay magbayad ng cash, hindi sila magiging kwalipikado para sa tulong pinansyal.

B. Sasailalim ang mga pasyente sa pagsusuri ng kakayahan. Ibeberipika ang Gross na Buwanang Kita ng Sambahayan sa pamamagitan ng naka-dokumentong patunay ng kita o sa pamamagitan ng isang elektronikong kagamitan sa beripikasyon. Ang mga limitasyon ng kita ay ang mga sumusunod:
   i. Kita na nasa o mas mababa sa 400% ng FPL: Ang mga pasyenteng ito ay kwalipikado para sa buong tulong pinansyal at/o waiver sa parmasya, sa 100% ng pananagutan ng pasyente, sa panahon ng kanilang benepisyo.
   ii. Kita na mas mataas sa 400%, ngunit nasa o mas mababa sa 600% ng FPL: Ang mga pasyenteng ito ay kwalipikado para sa diskwento sa halaga ng pananagutan ng pasyente, sa panahon ng kanilang benepisyo para sa mga medikal na serbisyo.
   iii. Ang mga pasyente na ang kanilang Gross na Buwanang Kita ng Sambahayan ay hindi nasa loob ng nalalapat na parameter ng Federal Poverty Level ay hindi kwalipikado na makatanggap ng Tulong Pinansyal sa ilalim ng patakarang ito.

C. Ang CHLA ay maaaring, batay sa sariling pagpapasya at depende sa mga katotohanan at kalagayan ng bawat kaso, magkaloob pa rin ng Tulong Pinansyal sa mga pasyente na hindi kwalipikado sa ilalim ng Patakarang ito.

**Kapag ang patakarang ito ay nai-print o ipinamahagi mula sa CHLA Policies and Procedures Library, ito ay hindi na itinuturing na isang kontroladong dokumento. Pakisuyong repasuhin ang elektronikong bersyon ng patakarang ito na nasa CHLA Policies and Procedures Library dahil maaaring hindi ito ang kasalukuyang bersyon.*

**3. Proseso ng Aplikasyon**

A. Ang pagpapahalaga ng CHLA sa dignidad ng tao at pangangasiwa ay masasalamin sa proseso ng aplikasyon, pagtukoy sa pinansyal na pangangailangan at pagkakaloob ng Tulong Pinansyal.

B. Upang magsumite ng aplikasyon para sa Tulong Pinansyal, dapat isumite ang isang kumpletong form ng aplikasyon at ang mga kinakailangang dokumento sa Admitting Department ng CHLA nang personal o ipadala sa Patient Business Services, Mailstop 26, Children's Hospital Los Angeles, 4650 Sunset Boulevard, Los Angeles, California 90027. Mangyaring tingnan ang Attachment na FIN - 006.1 CHLA Financial Assistance Application. Ang aplikasyon ay maaaring gawin ng pasyente o isang miyembro ng pamilya, malapit na kaibigan, o kasama ng pasyente, na napapailalim sa mga naaangkop na batas sa privacy. Ang mismong aplikasyon, ang karagdagang impormasyon tungkol sa patakaran sa Tulong Pinansyal ng CHLA, ay maaaring makuha sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga kinatawan ng Patient Business Services Office ng CHLA sa (800) 404-6627. **Hindi makakatulong ang mga kawani ng CHLA sa pagkumpleto ng aplikasyon para sa Tulong Pinansyal, ngunit maaari kang humingi ng tulong tungkol sa aplikasyon sa Health Consumer Center ng Los Angeles. Ang nonprofit na organisasyong ito ay matatagpuan sa 13327 Van Nuys Boulevard, Pacoima, CA 91331 at ang telepono nila ay (800) 896-3203.**

C. Inirerekomenda, ngunit hindi kinakailangan, na isumite ang kahilingan para sa Kawanggawang Pangangalaga o Pangangalagang may Diskwento at mangyari ang pagtukoy ng pinansyal na pangangailangan bago ang pagbibigay ng mga hindi emergency na kinakailangang medikal na serbisyo. Gayunpaman, ang pagtukoy sa pagiging kwalipikado ay maaaring gawin sa anumang panahon sa siklo ng koleksyon. Ang pagiging kwalipikado para sa Tulong Pinansyal ay susuriin muli sa bawat kasunod na pagkakataon ng pagbibigay ng mga serbisyo kung ang huling pinansyal na pagtatasa ay naganap higit sa isang taon na ang nakalipas, o sa anumang pagkakataon na may karagdagang impormasyon na may kinalaman sa pagiging kwalipikado ng pasyente.

D. Maaaring maantala ang pagtukoy sa pagiging kwalipikado ng isang pasyente para sa Tulong Pinansyal hanggang sa matanggap ng CHLA ang lahat ng impormasyon at dokumentasyon na nakasaad sa patakarang ito o sa aplikasyon para sa Tulong Pinansyal. Inaasahan na gagawin ng aplikante ang lahat ng makatuwirang pagsisikap upang ibigay sa CHLA ang impormasyong kinakailangan sa ilalim ng patakarang ito at ng aplikasyon. May 30 araw ang mga aplikante upang isumite ang lahat ng kinakailangang dokumentasyon. Kung hindi kumpleto ang isang aplikasyon, susubukan ng Patient Business Services na makipag-ugnayan sa aplikante sa pamamagitan ng

**Kapag ang patakarang ito ay nai-print o ipinamahagi mula sa CHLA Policies and Procedures Library, ito ay hindi na itinuturing na isang kontroladong dokumento. Pakisuyong repasuhin ang elektronikong bersyon ng patakarang ito na nasa CHLA Policies and Procedures Library dahil maaaring hindi ito ang kasalukuyang bersyon.*

telepono upang makuha ang kinakailangang impormasyon. Kung mabigong makipag-ugnayan ng Patient Business Services sa aplikante sa loob ng isang linggo gamit ang telepono, isang sulat ang ipapadala sa aplikante sa huling nalalamang address ng aplikante upang humiling ng kinakailangang impormasyon. Ang sulat ay nasa wikang English at sa wikang sinasalita ng pamilya ng pasyente. Kung walang tugon mula sa aplikante sa loob ng 30 araw matapos ang pagpapadala ng sulat na humihiling ng kulang na impormasyon, maaaring ituring ng CHLA na itinigil na ang aplikasyon at maaring tanggihan na ang aplikasyon.

i. Maaaring hilingin sa lahat ng aplikante para sa Kawanggawang Pangangalaga o Pangangalagang may Diskwento na magbigay ng mga kamakailang resibo ng sahod at/o mga income tax return. Hindi hihiling ang CHLA ng iba pang patunay ng kita.

ii. Maaaring hilingin ang iba pang mga dokumento, gaya ng nakasaad sa aplikasyon para sa Tulong Pinansyal. Hindi ginagamit ng CHLA ang impormasyong nakukuha mula sa ibang mga pinagmumulan bukod sa pasyenteng humihiling ng Tulong Pinansyal (o ang kanilang mga kinatawan) upang matukoy ang pagiging kwalipikado ng pasyente para sa Tulong Pinansyal sa ilalim ng patakarang ito.

E. Ang mga kumpletong aplikasyon para sa Tulong Pinansyal ay ipo-proseso kaagad at ipapaalam ng CHLA sa aplikante sa pamamagitan ng sulat sa loob ng 30 araw mula sa pagtanggap ng kumpletong aplikasyon kung ang aplikante ay kwalipikado para sa Kawanggawang Pangangalaga o Pangangalagang may Diskwento.

F. Sa pangyayaring tumanggi ang Patient Business Services na magbigay ng Tulong Pinansyal sa isang aplikante, maaaring hilingin ng aplikante na suriin ang desisyong iyon sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Director, Patient Financial Services, na magre-review ng usapin kasama ang Chief Financial Officer ng CHLA. Ang desisyon ng Chief Financial Officer tungkol sa pagiging kwalipikado ng aplikante ay magiging pinal na desisyon.

G. Kapag ang isang pasyente ay nag-aplay o mayroong hanggang ngayon na aplikasyon para sa ibang programa ng pangangalaga sa kalusugan sa oras na siya ay mag-aplay para sa Kawanggawang Pangangalaga o Pangangalagang may Diskwento sa CHLA, ito ay hindi makakaapekto sa pagiging kwalipikado para sa anumang programa.

**Kapag ang patakarang ito ay nai-print o ipinamahagi mula sa CHLA Policies and Procedures Library, ito ay hindi na itinuturing na isang kontroladong dokumento. Pakisuyong repasuhin ang elektronikong bersyon ng patakarang ito na nasa CHLA Policies and Procedures Library dahil maaaring hindi ito ang kasalukuyang bersyon.*

**4. Halaga ng Tulong Pinansyal**

Ang mga uri ng Tulong Pinansyal na available sa mga pasyenteng kwalipikado sa ilalim ng patakarang ito ay ang mga sumusunod:

A. Kawanggawang Pangangalaga: Ang mga pasyente na may Gross na Buwanang Kita ng Sambahayan na nasa o mas mababa sa 400% ng Federal Poverty Level at nakatutugon sa iba pang mga kahilingan ng Patakarang ito ay kwalipikado na tumanggap ng Kawanggawang Pangangalaga (pagkansela sa pinansyal na obligasyon ng pasyente para sa kabuuang halaga ng mga gross na bayarin para sa mga serbisyong ibinigay ng CHLA).

B. Pangangalagang may Diskwento: Ang mga pasyente na may Gross na Buwanang Kita ng Sambahayan na mas mataas sa 400% ngunit nasa o mas mababa sa 600% ng Federal Poverty Level at nakatutugon sa iba pang mga kahilingan ng patakarang ito ay kwalipikado na tumanggap ng mga serbisyo mula sa CHLA nang may diskwento na ang halaga ng pananagutan ng pasyente pagkatapos ng diskwento ay hindi lalampas sa halagang karaniwang ibini-bill sa mga pasyenteng may insurance ("**Amounts Generally Billed o AGB**"). Ang mga detalye ng pagkalkula ng AGB ay kasama sa Apendise B ng patakarang ito. Available ang apendise sa https://www.chla.org/financial-assistance at ang mga pisikal na kopya nito ay makukuha sa Admitting area na matatagpuan malapit sa pangunahing pasukan ng ospital, sa Emergency Room registration area, na matatagpuan sa 4650 Sunset Blvd, Los Angeles, CA 90027, o sa pamamagitan ng pagtawag sa Patient Business Services sa (800) 404-6627.

**5. PETSA NA MAY BISA ANG TULONG PINANSYAL**

A. Ang petsa ng magkakabisa ang programa ng Tulong Pinansyal ay magsisimula sa petsa ng pag-apruba ng aplikasyon at sakop nito ang mga petsa ng serbisyo para sa isang taon.

**6. Kaugnayan sa mga Patakaran sa Billing**

A. Aalamin ng Admission Department mula sa bawat pasyente o kanyang kinatawan ang impormasyon tungkol sa kung maaaring sagutin ng pribado o pampublikong insurance sa kalusugan o sponsorship ang kabuuan o bahagi ng mga bayarin para sa pangangalaga na ibinibigay ng CHLA sa pasyente, kasama ang, ngunit hindi limitado sa, pribadong insurance sa kalusugan, insurance na available sa pamamagitan ng California Health Benefit Exchange, Medicare, Medi-Cal, ang Healthy Families Program, ang California Children's Services Program, o

**Kapag ang patakarang ito ay nai-print o ipinamahagi mula sa CHLA Policies and Procedures Library, ito ay hindi na itinuturing na isang kontroladong dokumento. Pakisuyong repasuhin ang elektronikong bersyon ng patakarang ito na nasa CHLA Policies and Procedures Library dahil maaaring hindi ito ang kasalukuyang bersyon.*

iba pang mga programa na pinopondohan ng county o estado na naglalayong magbigay ng coverage para sa kalusugan. Ang Admission Department ay tutulong din sa mga indibidwal na malaman kung mayroong county hospital kung saan nagtatrabaho o resident ang mga indibidwal na maaaring magbigay ng mga serbisyong pang-ospital bilang alternatibo sa CHLA.

B. Ang mga self-pay na pasyente ay dapat na bigyan ng isang nasusulat na tinantyang halaga bago ibigay ng CHLA ang mga nakaiskedyul na serbisyo ng ospital. Ang nasusulat na pagtantya ay dapat nasa wikang sinasalita ng pamilya ng pasyente. Hindi kinakailangan na magbigay ng pagtantya sa mga emergency na serbisyo.

C. Kapag ang pasyente ay natukoy ng CHLA na kwalipikado sa Tulong Pinansyal sa ilalim ng patakarang ito, at hangga't nanatiling kwalipikado ang pasyente sa ilalim ng patakarang ito, hindi makakatanggap ang pasyente ng mga bill batay sa mga gross na bayarin na walang diskwento para sa emergency o iba pang kinakailangang medikal na pangangalaga. Sa halip, ang mga ganitong pasyente ay ibi-bill ng halaga na hindi lalampas sa Amounts Generally Billed.

D. Ang aplikante na kwalipikado para sa Tulong Pinansyal sa ilalim ng patakarang ito ay aalukin ng isang walang interes, extended payment plan na may tuntunin na napagkasunduan ng CHLA at ng aplikante base sa pinansyal na mga kalagayan ng aplikante (kasama ang Gross na Buwanang Kita ng Sambahayan at Mahahalagang Gastusin sa Pamumuhay) at iba pang kaugnay na mga salik. Ang minimum na termino ng extended payment plan ay 12 buwan. Kung ang aplikante at CHLA ay hindi makabuo ng isang pinagkasunduan at katanggap-tanggap na payment plan, ang CHLA ay mag-aalok ng payment plan sa aplikante kung saan ang mga buwanang bayad ay hindi lalampas ng 10% sa Gross na Buwanang Kita ng Sambahayan ng pasyente para sa isang buwan, pagkatapos ng mga pagbabawas para sa mahahalagang gastusin sa pamumuhay.

Ang extended payment plan ay maaaring ideklara ng CHLA na hindi na epektibo kung hindi makapagbabayad ang pasyente ng lahat ng sunod-sunod na bayarin sa loob ng yugto ng 90 araw. Bago ipahayag na hindi na epektibo ang plano, ang CHLA o ang ahensya nito sa koleksyon o assignee ay gagawa ng isang makatuwirang pagtatangka na makipag-ugnayan sa pasyente o taong may pananagutan sa pamamagitan ng telepono at ibibigay ang liham ng abiso na nagsasabing ang extended payment plan ay maaaring maging hindi na epektibo at mawawala na ang pagkakataon na muling i-negotiate ang extended payment plan. Bago ipahayag na hindi na epektibo ang plano, ang CHLA o ang ahensya nito sa koleksyon o assignee ay susubukan na muling i-negotiate ang mga tuntunin ng plano para maging nasa

default, kung hilingin ito ng pasyente o taong may pananagutan. Ang CHLA at ang ahensya nito sa koleksyon o assignee ay hindi mag-uulat ng hindi kanais-nais na impormasyon sa isang consumer credit reporting agency o credit bureau para sa hindi pagbabayad sa ilalim ng isang payment plan bago ang panahon na ideklara na ang extended payment plan ay hindi na epektibo. Para sa mga layunin ng talatang ito, ang abiso at tawag sa telepono sa pasyente ay maaaring gawin sa huling nalalaman na numero ng telepono at address ng pasyente.

E. Maliban kung ang isang aplikante ay binigyan ng ibang impormasyon, ang Tulong Pinansyal na ibinibigay sa ilalim ng patakarang ito ay may bisa sa loob ng isang buong taon simula sa unang araw ng buwan ng pagtukoy. May karapatan ang CHLA na muling suriin ang pagiging kwalipikado ng isang aplikante para sa Tulong Pinansyal sa panahong iyon kung may hinihinalang anumang pagbabago sa pinansyal na katayuan ng aplikante.

F. Ipababatid ng mga billing statement ng CHLA sa mga indibidwal na maaaring available ang Tulong Pinansyal at magbibigay ng impormasyon tungkol sa departamento na puwedeng kontakin at numero ng telepono nito.

G. Kapag nagbigay ang CHLA ng billing statement sa isang pasyente na hindi nagbigay ng patunay ng coverage ng isang third party sa panahon ng pagbibigay ng pangangalaga o sa pag-discharge, bilang bahagi ng billing na iyon, magbibigay ang CHLA sa pasyente ng isang malinaw at kapansin-pansing nasusulat na abiso sa wikang English at sa wika na sinasalita ng Pamilya ng pasyente kasama ang lahat ng sumusunod:

   i. Isang talaan ng mga bayarin para sa mga serbisyong ibinigay ng CHLA;

   ii. Isang kahilingan na ipaalam ng pasyente o kinatawan sa CHLA kung mayroon ang pasyente ng coverage ng insurance sa kalusugan, kasama ang coverage sa pamamagitan ng California Health Benefit Exchange, Medicare, Healthy Families, Medi-Cal, o iba pang coverage;
   Isang pahayag na kung ang pasyente ay walang coverage ng insurance sa kalusugan, maaaring maging kwalipikado ang pasyente sa coverage na inaalok sa pamamagitan ng California Health Benefit Exchange o coverage na pinopondohan ng estado o county, pati na rin sa Medicare, Healthy Families, Medi-Cal, California Children’s Services Program, o ng patakarang ito sa Tulong Pinansyal;

iii. Isang pahayag na nagsasaad kung paano makakakuha ang mga pasyente ng mga aplikasyon para sa coverage sa pamamagitan ng California Health Benefit Exchange o coverage sa kalusugan na pinopondohan ng estado o county, ang Medicare program, ang Medi-Cal program, ang Healthy Families Program, at ang California Children’s Services, kasama ang pahayag na magbibigay ang ospital ng mga aplikasyong ito. Kung hindi isaad ng pasyente na siya may coverage ng isang third-party payer, o humihiling ng halagang may diskwento o Kawanggawang Pangangalaga, kung gayon ang ospital ay magbibigay ng isang aplikasyon sa pasyente para sa Medi-Cal program, Healthy Families Program, o iba pang programa ng pamahalaan. Ibibigay ang aplikasyong ito bago ang pag-discharge kung ang pasyente ay na-admit at sa mga pasyenteng tumatanggap ng emergency o outpatient na pangangalaga;

iv. Impormasyon tungkol sa aplikasyon para sa Tulong Pinansyal, kasama ang sumusunod:

a. Isang pahayag na kung ang pasyente ay kulang o mayroong hindi sapat na insurance, at nakatutugon sa ilang kinakailangan para sa mababang kita at katamtamang kita, ang pasyente ay maaaring maging kwalipikado para sa Pangangalagang may Diskwento o Kawanggawang Pangangalaga;

b. Ang pangalan at telepono ng isang empleyado o tanggapan ng CHLA kung saan maaaring makakuha ng impormasyon ang pasyente tungkol sa patakaran ng ospital sa Tulong Pinansyal, at kung paano mag-aplay para sa Tulong Pinansyal;

c. Isang pahayag na nagsasaad na kapag ang isang pasyente ay nag-aplay o mayroong hanggang ngayon na aplikasyon para sa ibang programa ng pangangalaga sa kalusugan sa oras na siya ay mag-aplay para sa Kawanggawang Pangangalaga o Pangangalagang may Diskwento, ito ay hindi makakaapekto sa pagiging kwalipikado para sa anumang programa; at

v. Isang pahayag na nagsasabing ang pasyente ay may karapatan sa isang referral sa isang lokal na consumer assistance center na matatagpuan sa isang legal services office o isang listahan ng gayong mga consumer assistance center.

**7. Kaugnayan sa mga Patakaran sa Koleksyon**

A. Ang lahat ng aktibidad sa koleksyon ay isinasagawa ng CHLA o isang itinalagang vendor ng CHLA tulad ng isang ahensya sa koleksyon. Ang CHLA o isang ahensya sa koleksyon na gumaganap para sa CHLA ay maaaring mag-report ng negatibong impormasyon sa mga consumer credit reporting agency o mga credit bureau tungkol sa mga pasyente o iba pang mga taong may pananagutan na hindi nakakabayad ng mga bayarin sa ospital. Gayunpaman, hindi mag-uulat ang CHLA at ang mga ahente nito sa anumang consumer credit reporting agency o credit bureau ng anumang impormasyon hangga't hindi pa naisasagawa ng CHLA ang Makatuwirang mga Pagsisikap o Reasonable Efforts (ipinapaliwanag sa ibaba) upang matukoy kung kwalipikado ang pasyente para sa Tulong Pinansyal para sa mga kaugnay na serbisyo. Ang "**Makatuwirang mga Pagsisikap**" ay nangangahulugan na nagawa ng CHLA ang alinman sa: (i) pag-abiso sa pasyente at/o Pamilya nito tungkol sa availability ng Tulong Pinansyal sa isa o higit pang mga komunikasyon pagkatapos ng pag-discharge (kasama ang pagsisikap na mag-abiso sa pamamagitan ng berbal na komunikasyon at pagbibigay ng isang malinaw na sumaryo ng patakarang ito kasama ang isang billing statement na nagpapakita kung paano mag-aaplay ang pasyente para sa tulong pinansyal at nagbibigay ng abiso sa pasyente tungkol sa hangarin ng CHLA na i-report ang pasyente sa isang credit reporting agency pagkatapos ng 30 araw), na hindi bababa sa **180** araw mula sa unang pagpapadala ng post-discharge billing para sa pasyente na mag-aplay para sa Tulong Pinansyal, at maagap na naproseso ang anumang aplikasyon na natanggap mula sa pasyente sa loob ng panahong iyon (hindi ito naglilimita sa kakayahang mag-aplay ng pasyente pagkatapos ng panahong iyon); o (ii) natukoy kung ang pasyente ay kwalipikado para sa Tulong Pinansyal batay sa isang kumpletong aplikasyon. Ang yugto ng **180** araw ay mapapalawig kung ang pasyente ay mayroong nakabinbing reklamo, independiyenteng medikal na pagsusuri, patas na pagdinig, o iba pang nakabinbing apela para sa saklaw ng mga serbisyo, hanggang sa magkaroon ng huling pasiya sa apela basta't gumawa ang pasyente ng makatuwirang pagsisikap na makipag-ugnayan sa CHLA tungkol sa progreso ng nasabing apela. Ang Patient Business Services Office ng CHLA ang magkakaroon ng pinal na pananagutan sa pagtukoy kung ginawa ng CHLA ang Makatuwirang mga Pagsisikap upang matukoy kung ang isang pasyente ay kwalipikado sa ilalim ng patakarang ito bago mag-ulat sa mga credit reporting agency o credit bureau.

B. Maaaring isulong ng CHLA ang reimbursement at anumang paraan ng pagsasakatuparan mula sa mga third-party liability settlement, tortfeasor, o iba pang mga partido na may legal na pananagutan.

C. Itinatakda ng CHLA na bawat isa sa kanilang mga ahensya sa koleksyon ay sumang-ayon sa nasusulat na paraan na sumunod sa mga pamantayan sa koleksyon ng CHLA at saklaw ng kanilang gawain.

D. Kung sinusubukan ng isang indibidwal na mag-qualify para sa tulong sa ilalim ng patakarang ito at/o sinisikap na mabayaran ang isang hindi nabayarang bill sa CHLA sa pamamagitan ng pakikipagnegosasyon para sa isang makatuwirang payment plan o sa pamamagitan ng regular na bahagyang mga pagbabayad ng isang makatuwirang halaga, hindi ipapadala ng CHLA ang hindi nabayarang bill sa anumang ahensya sa koleksyon o iba pang assignee malibang pumayag ang entidad na iyon na sumunod sa mga batas ng California Hospital Fair Pricing (California Health & Safety Code Section 127400 et seq.).

E. Ang mga halagang ipinapasa sa mga ahensiya sa koleksyon ay magpapakita ng anumang nabawas na mga rate na kwalipikado ang isang indibidwal sa ilalim ng patakarang ito.

F. Kung ang isang indibidwal na kwalipikado para sa Tulong Pinansyal ay nagbabayad nang lampas doon sa kabuuang halaga ng kanyang pinansyal na pananagutan, ang CHLA, sa loob ng **30 araw** ng pagkilala ng overpayment, ay ire-refund ang sobrang bayad na may kasamang interes na naipon sa halagang itinakda sa umiiral na batas simula sa petsa na matanggap ng CHLA ang pagbabayad ng indibidwal at ito ay ituturing na credit. Gayunpaman, hindi kinakailangan na ibalik ng CHLA ang sobrang bayad o magbayad ng interes kung ang halaga na dapat bayaran ay mas mababa sa limang dolyar.

G. Bago ang banta o pagsisimula ng mga aktibidad sa pagkolekta laban sa isang pasyenteng kwalipikado para sa Tulong Pinansyal sa ilalim ng patakarang ito, ang CHLA, alinmang assignee ng CHLA, o alinmang iba pang owner ng patient debt, kasama ang isang ahensiya sa koleksyon, ay dapat magbigay ng mga nasusulat na abiso sa pasyente na naglalaman ng pahayag sa Fair Collection Notice, at impormasyon tungkol sa mga serbisyo ng non-profit consumer credit counseling na available sa lugar. Kasama rin sa abisong ito ang anumang dokumento na nagsasaad na maaaring mangyari ang mga aktibidad sa pagkolekta.

   Ang pahayag sa Fair Collection Notice: "Ang batas ng Estado at Pederal na batas ay nag-uutos sa mga tagakolekta ng utang na tratuhin ka nang patas at ipinagbabawal sa kanila na gumawa ng mga pekeng pahayag o banta ng karahasan, paggamit ng bastos o malaswang pananalita, at pagkakaroon ng di-tamang komunikasyon sa mga third party, kabilang ang iyong employer. Maliban sa hindi pangkaraniwang mga kalagayan, ang mga tagakolekta ng utang ay hindi

maaaring makipag-ugnayan sa iyo bago mag alas-8:00 ng umaga o pagkatapos ng alas-9:00 ng gabi. Sa pangkalahatan, hindi maaaring ibigay ng isang tagakolekta ng utang ang impormasyon tungkol sa iyong utang sa ibang tao maliban sa iyong abogado o asawa. Maaaring makipag-ugnayan ang isang tagakolekta ng utang sa ibang tao upang kumpirmahin ang iyong lokasyon o ipatupad ang isang hatol. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga aktibidad sa pagkolekta ng utang, maaari kang makipag-ugnayan sa Federal Trade Commission sa pamamagitan ng telepono sa 1-877-FTC-HELP (382-4357) o online sa www.ftc.gov."

**8. Pagbibigay-alam Tungkol sa Patakarang ito**

A. Anumang mga abiso, form, sulat, aplikasyon, o iba pang mga dokumento kaugnay ng patakarang ito ay gagawing available sa Ingles, Espanyol, at iba pang mga wika na ginagamit ng mas mababa sa 5% ng populasyon o 1000 indibidwal na malamang na mapagsisilbihan ng CHLA. Maaari ding magbigay ang CHLA ng mga pantulong at gabay sa translation o magbigay ng tulong sa pamamagitan ng paggamit ng mga kwalipikadong bilinggwal na tagasalin sa pagkumpleto ng mga dokumento sa Ingles at sa pag-unawa ng mga dokumento sa Ingles.

B. Bawat pasyente o kanyang kinatawan ay dapat, pagkatapos ng pagkaka-admit bilang inpatient, makatanggap ng nasusulat na abiso na naglalaman ng impormasyon tungkol sa availability ng Kawanggawang Pangangalaga at Pangangalagang may Diskwento. Ang abiso ay dapat naglalaman ng impormasyon tungkol sa patakarang ito, pati na rin ang mga detalye ng kontak para sa isang empleyado o tanggapan ng ospital kung saan maaaring kumuha ng higit pang impormasyon ang pasyente o kinatawan tungkol sa patakarang ito. Ang abisong ito ay dapat ding ibigay sa mga pasyente na tumanggap ng emergency o outpatient na pangangalaga, at sa mga indibidwal na maaaring makatanggap ng bill para sa gayong pangangalaga, ngunit hindi na-admit. Ibibigay ang abiso sa wikang Ingles at sa wika na ginagamit ng Pamilya ng pasyente kung available ito.

C. Ang mga abiso hinggil sa patakarang ito ay ipapaskil nang malinaw at kitang-kita sa mga lokasyon na nakikita ng publiko kabilang ang, ngunit hindi limitado sa sumusunod: emergency department, billing office, admissions office, at mga lugar para sa outpatient. Ang mga nakapaskil na abisong ito ay magpapaliwanag na ang CHLA ay may iba't-ibang mga pagpipilian na available, kabilang ang Tulong Pinansyal, para sa mga indibidwal na walang insurance o kulang ang insurance. Kasama sa mga abisong ito ang opisina na puwedeng kontakin at numero ng telepono na maaaring tawagan ng isang indibidwal upang makakuha ng higit pang impormasyon tungkol sa patakarang ito sa Tulong Pinansyal at kung paano mag-aplay para sa Tulong Pinansyal.

**Kapag ang patakarang ito ay nai-print o ipinamahagi mula sa CHLA Policies and Procedures Library, ito ay hindi na itinuturing na isang kontroladong dokumento. Pakisuyong repasuhin ang elektronikong bersyon ng patakarang ito na nasa CHLA Policies and Procedures Library dahil maaaring hindi ito ang kasalukuyang bersyon.*

D. Ang abiso ng patakarang ito, kasama ang isang contact number, ay ipapalaganap ng CHLA sa pamamagitan ng iba't ibang paraan, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa paglalathala ng mga abiso sa mga bill ng pasyente. Maglalathala ang CHLA ng isang sumaryo ng patakarang ito sa kawanggawang pangangalaga sa kanilang website, sa mga brosyur na available sa mga pasilidad ng pasyente at sa iba pang mga lugar sa komunidad na pinagsisilbihan ng ospital, ayon sa pagpili ng CHLA.

E. Ang sinumang tauhan ng CHLA na may makatuwirang paniniwala na ang isang indibidwal ay hindi kayang magbayad para sa mga serbisyo ng ospital ay dapat ipabatid sa indibidwal na maaaring available ang Tulong Pinansyal at ituro sa kanila ang tungkol sa mga abiso na binanggit sa patakarang ito. Ang mga aplikasyon para sa Tulong Pinansyal ay gagawing available din sa lahat ng ahensiya sa koleksyon sa labas na ginagamit ng CHLA para ipamahagi sa mga indibidwal na pinaniniwalaan ng ahensiya sa koleksyon na maaaring maging kwalipikado para sa Tulong Pinansyal.

**9. Pagiging kumpidensyal**

A. Iingatan ng CHLA ang lahat ng impormasyon na natanggap mula sa mga aplikante na naghahanap ng Tulong Pinansyal sa ilalim ng patakarang ito bilang kumpidensiyal na impormasyon. Ang impormasyon tungkol sa mga Monetary Asset na nakukuha bilang bahagi ng proseso ng aplikasyon at pag-apruba ng Tulong Pinansyal ay iingatan sa isang file na hiwalay mula sa impormasyon na maaaring gamitin upang kolektahin ang mga halaga na utang sa CHLA. Hindi magkakaroon ng access ang tauhan na sangkot sa koleksyon ng utang sa lahat ng impormasyon sa nasabing file. Gayunpaman, walang anumang probisyon sa patakarang ito na nagbabawal na gamitin sa proseso ng koleksyon ng utang ang impormasyong nakuha ng CHLA, ng mga ahensya nito sa koleksyon, o mga assignee nito na independiyente sa proseso ng aplikasyon para sa Tulong Pinansyal.

**MGA KALAKIP:**

1. FIN – 006.1 Aplikasyon para sa Tulong Pinansyal ng CHLA (Ingles)
2. FIN – 006.2 Aplikasyon para sa Tulong Pinansyal ng CHLA (Spanish)
3. FIN – 006.3 Apendise A Listahan ng Provider
4. FIN – 006.4 Apendise B Mga Halaga na Pangkalahatang Sinisingil na Pagkalkula
5. FIN – 006.5 Apendise C Pagiging karapat-dapat Cheat Sheet

**Kapag ang patakarang ito ay nai-print o ipinamahagi mula sa CHLA Policies and Procedures Library, ito ay hindi na itinuturing na isang kontroladong dokumento. Pakisuyong repasuhin ang elektronikong bersyon ng patakarang ito na nasa CHLA Policies and Procedures Library dahil maaaring hindi ito ang kasalukuyang bersyon.*

**MGA SANGGUNIAN:**

1. California Health & Safety Code, Seksyon 127400 hanggang 127446
2. California Family Code, Seksyon 297
3. California Health & Safety Code, Seksyon 1339.585
4. 26 U.S.C. 501(r)
5. Hospital Fair Pricing Policies (HFPP) Law - AB 774
6. Emergency Physician Fair Pricing Policies (EPFPP) Law
7. CHLA Policy COMP - 023.0 EMTALA (Screening, Stabilization, and Management of Emergency Transfers)

**MAY-ARI NG PATAKARAN:**

*Chief Financial Officer*

**Kapag ang patakarang ito ay nai-print o ipinamahagi mula sa CHLA Policies and Procedures Library, ito ay hindi na itinuturing na isang kontroladong dokumento. Pakisuyong repasuhin ang elektronikong bersyon ng patakarang ito na nasa CHLA Policies and Procedures Library dahil maaaring hindi ito ang kasalukuyang bersyon.*